Replaced w/ 046

PATUMPIK-TUMPIK: Ang Di-Tuwirang Paraan ng Pagpapahayag Ayon sa mga Piling Mag-aaral ng DLSU-D na Nasa Kolehiyo ng Sining at Agham at ang Implikasyon Nito sa Pakikipagkaibigan

Isang Tesis na Iniharap sa Kolehiyo ng Sining at Agham ng Pamantasang De La Salle - Dasmariñas

Bilang Bahagi ng Pagtupad sa mga Pangangailangan para sa Katibayan ng Pagtatapos ng Kursong Batsilyer ng Sining sa Sikolohiya

Nina:

Regina C. Malagkit

Allyn S. Samontina

Pebrero 1997

AKLATANG EMILIO AGUINALDO ARCHIVES

ABSTRAK

Pangalan ng Institusyon: Pamantasang De La Salle - Dasmariñas

Lokasyon: Dasmariñas, Cavite

PAMAGAT: "Patumpik-tumpik": Ang Di-tuwirang Paraan ng Pagpapahayag Ayon sa mga Piling Mag-aaral ng DLSU - D na nasa Kolehiyo ng Sining at Agham at ang Implikasyon Nito sa Pakikipagkaibigan.

MGA MANANALIKSIK: Regina C. Malagkit at Allyn S. Samontina

PINAGKUNAN NG PONDO: Mga magulang **HALAGA:** P 8,000.00

NAGSIMULA: Setyembre 1996 **NATAPOS:** Pebrero 1997

LAYUNIN NG PAG-AARAL:

1) Malaman kung anu-ano ang di-tuwirang paraan ng pagpapahayag.

2) Alamin ang mga sitwasyon kung saan ginagamit ang di-tuwirang paraan ng pagpapahayag.

3) Malaman ang implikasyon ng di-tuwirang paraan ng pagpapahayag sa pakikipagkaibigan.

SAKLAW

Ang mga kalahok sa pag-aaral na ito ay ang mga mag-aaral na lalaki at babaeng nasa unang taon sa Kolehiyo ng Sining at Agham. Di-tuwirang paraan ng pagpapahayag lamang ang pag-uukulan ng pansin sa pag-aaral na ito at iniugnay sa pakikipagkaibigan.

METODOLOHIYA

Ang disenyo ng pag-aaral na ginamit ay *Paglalarawan o Descriptive* upang maipakita ang paggamit ng di-tuwirang paraan ng pagpapahayag at ang

implikasyon nito sa pakikipagkaibigan. Ang instrumentong ginamit ay *Palatanungan. Pagsusuri ng Nilalaman at Percentage* ang ginamit ng mga mananaliksik sa pagsusuri ng datos upang makita ang pagkakaiba ng mga kasagutan ng kalalakihan sa kababaihan.

PANGUNAHING NATUKLASAN

Natuklasan na ang biruan, pagpaparinig, pabaligtad na papuri at mensaheng pahapyaw ang iba't ibang uri ng di-tuwirang paraan ng pagpapahayag na ginagamit ng mga kalahok. May malaking pagkakaiba ang lalaki sa babae pagdating sa paggamit ng di-tuwirang paraan ng pagpapahayag. Natuklasan rin sa pagsisiyasat na isinagawa---na ang dalas ng paggamit ng di-tuwirang pagpapahayag ay pareho lamang sa mga kalalakihan at kababaihan, ito'y sa mga sitwasyon kung saan sila ay nahihiya, hindi gaanong kakilala ang kausap, walang lakas ng loob at ayaw masaktan ang kausap. Ang implikasyon ng di-tuwirang paraan sa pakikipagkaibigan ay hindi masasabing nakapagpapadali sa proseso. Ngunit nagpapahiwatig na mayroong kabutihang dulot at hindi sagabal o balakid sa pakikipagkaibigan.

KONKLUSYON

Batay sa interpretasyon ng mga mananaliksik mula sa kanilang mga natuklasan:

1) Ang mga di-tuwirang paraan ng pagpapahayg na ginagamit ng mga piling mag-aaral ay ang biruan, pagpaparinig, mensaheng pahapyaw at pabaligtad na papuri. Nakitang may pagkakaiba ang paggamit ng di-tuwirang paraan ng

pagpapahayag ng lalaki at babae.

2) Ang mga sitwasyon kung saan ginagamit ang di-tuwirang paraan ay kung nahihiya, hindi gaanong kakilala ang kausap , walang lakas ng loob, at ayaw masaktan ang kausap. Parehong gumagamit ang lalaki at babae ng di-tuwirang paraan. Nalamang madalas gamitin ang di-tuwiran ngunit may pagkakataong ginagamit ang tuwirang paraan ng pagpapahayag kapag ito ay hinihiling ng pagkakataon.

3) Ang implikasyon sa pakikipagkaibigan ay masasabing may pagkakataong nagpapadali ng proseso at minsan ay hindi. Depende sa sitwasyon at dapat ay isama ang iba pang aspeto ng pakikipagkaibigan. Isa pa, itinuring na ang paggamit ng di-tuwirang paraan sa pakikipagkaibigan ay hindi sagabal o hadlang dahil may mga kabutihan itong naidudulot. Ang ilan sa mga kabutihan ay hindi nakakasakit ng damdamin ng iba, komportable sa isa't isa, nagkakasundo ang magkakaibigan, hindi bulgar ang usapan at marami pa.

MGA REKOMENDASYON

Matapos maisagawa ang pag-aaral na ito, ang mga mananaliksik ay may ilang rekomendasyong ilalahad:

1. Gumawa ng isa pang pag-aaral at pagtuunan naman ng pansin ang tuwirang paraan ng pagpapahayag upang lubusang makapagbigay ng sapat na kaalaman ukol sa piling mag-aaral ng DLSU-D.

2. Maaaring magsagawa ng pananaliksik para sa mas malaking saklaw upang mabigyang-patunay ng paglalahat ang pananaliksik na ito at sa ganon magkaroon ng kabuluhan at kalinawan ang mga konsern ukol sa paggamit

ng nabanggit na pamamaraan ng pagpapahayag.

3. Magsiyasat at pagtuunan din ng pansin ang di-tuwirang paraan ng pagpapahayag sa mga kalalakihan at iugnay ito sa konsepto ng kanilang pagkalalake na may kinalaman sa panliligaw.

AKLATANG EMILIO AGUINALDO - INFORMATION RESOURCE CENTER
De La Salle University-Dasmariñas • Since 1977 • Dasmariñas, Cavite, Philippines

Mga Nilalaman

Pamagat	Pahina
Pahina ng Titulo	1
Abstrak	2
Dahon ng Pagpapatibay	6
Pasasalamat	7
Mga Nilalaman	10
Listahan ng mga Talahanayan at Pigura	12
Kabanata	
I Panimula	1
Suliranin at Kaligiran	1
Balangkas ng mga Konsepto	15
Pagpapahayag ng Suliranin	15
Pala-palagay	17
Saklaw at Delimitasyon ng Pag-aaral	18
Kahalagahan ng Pag-aaral	19
Katuturan ng mga Salita	20
II Mga Kaugnay na Literatura at Pag-aaral	23
Ang Madalas na Gamitin sa mga Pamamaraan ng Pagpapahayag	23
Mga Dahilan ng Nakasanayang Paraan ng Pagpapahayag	24
Ang Mga Paraan ng Di-tuwirang Pagpapahayag	29
Lalaki laban sa Babae: Ang kanilang Paraan ng Pagpapahayag	31
Ang Komunikasyon sa Pakikipagkaibigan	32
Kaugnay na Pag-aaral	34
III Metodolohiya	36
Disenyo ng Pag-aaral	36
Ang mga Kalahok	37
Instrumentasyon	37
Pamamaraan ng Paglipon ng Datos	39
Pagsusuri ng Datos	40
IV Paglalahad, Pag-aanalisa at Interpretasyon ng Datos	41
Suliranin # 1	41
Suliranin # 1.1	41
Suliranin # 1.2	42
Suliranin # 1.3	43

Suliranin # 2 45
Suliranin # 2.1 45
Suliranin # 2.2 46
Suliranin # 2.3 47
Suliranin # 2.4 49
Suliranin # 3 50
Suliranin # 3.1 50
Suliranin # 3.2 52
Suliranin # 3.3 53
V Buod, Konklusyon at Rekomendasyon 57
Buod 57
Konklusyon 59
Rekomendasyon 60
Sanggunian 62
Apendiks 64
A. Sulat sa Paaralan 65
B. Palatanungan 66
C. Mga Di-tuwirang Paraan ng Pagpapahayag 69
D. Mga Sitwasyon kung Saan Ginagamit ang Di-tuwirang Paraan ng Pagpapahayag 74
E. Mga Dahilan sa Nakasanayang Paraan ng Pagpapahayag 79

Listahan ng Talahanayan at mga Pigura

Pahina

Talahanayan # 1 - Talaan ng mga kalahok 38

Pigura #1 - Konseptwal na Balangkas 16

Pigura #2 - Mga di-tuwirang paraan ng pagpapahayag na ginagamit ayon sa mga lalaki at mga babae 44

Pigura #3 - Resulta kung may pagkakaiba sa paggamit ng di-tuwirang paraan ng pagpapahayag ang lalaki at babae 44

Pigura #4 - Mga sitwasyon kung saan ginagamit ang di-tuwirang paraan ng pagpapahayag ayon sa mga lalaki at babae 48

Pigura #5 - Resulta sa kung sino ang madalas gumamit ng di-tuwirang paraan ng pagpapahayag 48

Pigura #6 - Resulta sa kung gaano kadalas gamitin ang di-tuwirang paraan ng pagpapahayag 51

Pigura #7 - Tugon ng mga kalahok sa kung napapadali ba ng di-tuwirang paraan ng pagpapahayag ang proseso ng pakikipagkaibigan 51

Pigura #8 - Tugon ng mga kalahok sa kung ang paggamit ba ng di-tuwirang paraan ng pagpapahayag ay sagabal o balakid sa pakikipagkaibigan 54

Pigura #9 - Tugon ng mga kalahok sa kung may ang kabutihan bang naidudulot ang di-tuwirang paraan ng pagpapahaya sa pakikipagkaibigan 54